


EPP-HE

Modyul 7:

WASTONG PAGGAMIT NG MGA KAGAMITAN SA PAGLILINIS NG BAHAY AT BAKURAN



EPP - HE Ikaapat na Baitang

Alternative Delivery Mode

Modyul 7: WASTONG PAGGAMIT NG MGA KAGAMITAN SA PAGLILINIS NG BAHAY AT BAKURAN

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Authors: Lucille T. Ledesma

Editor: Jelly M. Flores

Tagasuri: Filip P. Cañas

Tagaguhit: Abegail Bongalonta-Dajac

Tagalapat: Abegail Bongalonta-Dajac

Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas

Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Salvador T. Pelingon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____
Department of Education – Region V

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: deped.rov@deped.gov.ph

EPP
Modyul 7:
WASTONG PAGGAMIT NG MGA
KAGAMITAN SA PAGLILINIS NG
BAHAY AT BAKURAN

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul . Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahan ang bawat mag-aaral na:



1. Natutukoy ang angkop na mga kagamitan sa paglilinis ng bahay at bakuran.
2. Naisasagawa ang wastong paraan ng paglilinis ng bahay at bakuran
3. Naisasagawa ang wastong paghihiwalay ng basura sa bahay
4. Nakasusunod sa mga tuntuning pangkaligtasan at pangkalusugan






Subukin

Kilalanin ang mga sumusunod na larawan ng kagamitan sa paglilinis ng bahay at bakuran.

Isulat ang sagot sa patlang.








Aralin**7****Home Economics: WASTONG
PAGGAMIT NG MGA KAGAMITAN
SA PAGLILINIS NG BAHAY AT
BAKURAN**

Ano ang pakiramdam kapag malinis at maayos ang ating bahay at bakuran? Ikaw ba ay marunong maglinis ng inyong tahanan?

Kasiya-siya ang malinis na tahanan. Maaliwalas ang pakiramdam at nakadaragdag sa kagandahan ng pamamahay. Magiging magaan at kasiya-siya ang paglilinis ng tahanan at bakuran kapag gumagamit ng angkop na kagamitan. Ang paglilinis ng tahanan at bakuran ay karaniwang ginagawa araw-araw. Subalit mayroon ding gawaing paglilinis na ginagawa ng lingguhan at paminsan-minsan lamang ng bawat miyembro ng pamilya.



Balikan

Gumuhit ng mga kagamitang madalas ginagamit sa paglilinis ng inyong bahay at bakuran.



Tuklasin

Anong kagamitan ang tinutukoy ng bawat pangungusap?
Isulat ang sagot sa patlang.

- _____ 1. Ginagamit sa pag-aalis ng alikabok at pagpupunas ng kasangkapan.
- _____ 2. Ginagamit sa pagpapakintab ng sahig.
- _____ 3. Ginagamit sa pagwawalis ng magaspang na sahig at sa bakuran
- _____ 4. Ginagamit na pamunas sa sahig.
- _____ 5. Ginagamit upang hindi malanghap ang alikabok habang naglilinis.




Suriin

Mga Kagamitan sa Paglilinis ng tahanan at bakuran.


Kagamitan	Gamit
Walis tingting 	Ginagamit sa pagwawalis ng magaspang na sahig at sa bakuran
Walis tambo 	Ginagamit sa pagwawalis ng sahig na makinis
Basahang tuyo 	Ginagamit sa pagtanggap ng alikabok
Mop 	Ginagamit na pamunas sa sahig

Floor polisher



Ginagamit sa pagpapakintab ng sahig

Vacuum cleaner



Ginagamit sa pagsipsip ng alikabok sa karpeta at mga upuang upholstered

Kalaykay



Ginagamit sa pag-ipon ng mga kalat tulad ng mga tuyong dahon at damo

Itak




Ginagamit pamputol at pambungkal ng mga damo

Bunot




Ginagamit sa pagpapakintab ng sahig

Pandakot
(Dustpan)



Ginagamit upang dakutin ang mga dumi o basura



Pagyamanin

Bukod sa nabanggit na kagamitan, mayroon din pantulong na mga gamit sa paglilinis upang mas maging madali at kaaya-aya ang gawain.


Piliin ang gamit ng nasa larawan sa mga pagpipilian. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- a. Ginagamit na pampunas ng mga salamin upang mas luminaw
- b. Ipinapahid sa sahig bago bunutin
- c. Pang alis ng mantsa sa lababo at inodoro
- d. Panlinis ng lababo, inodoro at palikuran
- e. Pampakintab ng barnisadong kasangkapan
- f. Pantanggal ng mga mantika sa lababo

1.



2



3.



4.



5.



6.





Isaisip

Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng wastong kaalaman sa kagamitan sa paglilinis ng tahanan at bakuran? Ano ang maidudulot sa pagsunod sa wastong paraan ng paglilinis sa tahanan? Paano mapapanatiling malinis ang inyong bahay at bakuran? Ano-ano ang kabutihang maidudulot ng malinis na kapaligiran?

Ang mga katanungan na nasa itaas ay masasagot ng maayos matapos mapag-aralan ang mga kagamitan na ginagamit sa paglilinis ng bahay at bakuran. Gayundin mas lalong matatandaan ang mga ito kapag ito'y ginagamit lalong lalo sa araw araw nating paglilinis sa bahay at bakuran.



Isagawa

Isagawa ang wastong pamamaraan ng paglilinis sa bahay at bakuran.

Gamitin ang tseklist para sa pagsusuri ng iyong ginawa. Lagyan ng tsek(/) kung Oo at ekis (**X**) kung hindi.

Mga Gawain/Pamamaraan	Oo	Hindi
1. Ginamit ang walis tingting sa pagwawalis ng mga tuyong dahon		
2. Ginagamit ang pandakot sa pagdampot ng basura at inilagay ito sa basurahan.		
3. Gumamit ng walis na may mahabang hawakan sa pag-aagiw ng kisame		
4. Tinakpan ang ilong upang di malanghap ang alikabok habang naglilinis		
5. Pinaghiwa-hiwalay ang nabubulok at di-nabubulok na basura		
6. Binubunot ang mga damong ligaw hanggang sa mga ugat upang hindi kaagad tumubo ang mga ito.		
7. Gumamit ng suka at mainit na tubig upang tanggalin ang mga sebo sa lababo		
8. Gumamit ng likidong wax pampakintab ng barnisadong kasangkapan.		
9. Gumamit ng sabon at tubig sa paglilinis ng sahig at mga bintana.		

Maaaring humingi ng tulong sa kasama sa kamag-anak upang tsekan ang gawain sa itaas.



Tayahin

A. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang iyong gagawin upang hindi malanghap ang alikabok habang naglilinis?
 - a. gumamit ng apron
 - b. talian ang buhok
 - c. takpan ang ilong
 - d. magdamit ng maluwang

2. Kung mag-aagiw ka ng kisame, ano ang pinakamagandang gawin?
 - a. Gumamit ng walis na may mahabang hawakan
 - b. Tumuntong sa silya para maalis ang agiw
 - c. Tumayo sa malapit sa bintana
 - d. Gumamit ng mesa upang doon tumuntong

3. Bakit kailangang sundin ang pangkalusugan at pangkaligtasang gawi sa paglilinis ng bahay at bakuran?
 - a. Upang magawa ang mga nakatakdang gawain
 - b. Upang makapag laro agad pagkatapos ng gawain
 - c. Upang makaiwas sa iba pang gawain
 - d. Upang maiwasan ang anumang sakuna

4. Alin sa sumusunod ang dapat na una mong gagawin sa paglilinis ng bahay o tahanan?
 - a. paglilinis ng kisame
 - b. paglilinis ng sahig
 - c. paglilinis ng dingding
 - d. paglilinis ng bakuran

5. Nagkalat ang basura sa inyong bahay, ano ang gagawin mo?
 - a. Ipunin lahat at ibalot sa plastic
 - b. Ilagay sa basurahan at hintayin ang trak na kukuha nito
 - c. Ihiwalay ang nabubulok sa di-nabubulok at ibaon sa compost pit
 - d. Paghalu-haluin ang mga basura at sunugin ang mga ito.

B. Lagyan ang patlang ng tsek (/) kung ang isinasaad ng pangungusap ay wastong paraan ng paglilinis ng bakuran at ekis (**X**) kung hindi..

- _____ 1. Linisin ang daanan ng tubig o kanal upang maiwasan ang pamamahay ng mga daga at iba pang mga hayop.
- _____ 2. Ang mga damong ligaw ay nakadaragdag sa kagandahan ng kapaligiran.
- _____ 3. Ang bakurang malinis ay nakatutulong sa pagpapanatiling malinis ng pamayanan.
- _____ 4. Kinakailangang walisin ang mga tuyong dahon at ibang kalat sa loob at labas ng bakuran.
- _____ 5. Ang mga basurang nabubulok ay kailangang ilagay sa compost pit.
- _____ 6. Ang mga basurang hindi nabubulok ay kailangang itapon sa malayong lugar.
- _____ 7. Bunutin ang mga ugat ng mga ligaw na damo upang hindi na tumubo ulit ito.
- _____ 8. Pagkatapos walisin ang mga tuyong dahon, sunugin ito.
- _____ 9. Ang mga nabubulok na basura ay pampataba sa mga halaman.
- _____ 10. Gamitin ang pandakot kung ilalagay ang mga tuyong dahon sa basurahan.



Karagdagang Gawain

Sa inyong tahanan, ano-ano ang mga gawaing paglilinis na ginagawa araw-araw? Lingguhan? At paminsan-minsan?

Paglilinis na ginagawa araw-araw	Paglilinis na ginagawa paminsan-minsan	Paglilinis na ginagawa nang lingguhan

(Isagawa ang mga gawaing nailista sa taas at gawan ng tseklist. Mag tsek kung anong araw ito ginawa)

Gawain	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
Halimbawa: Pagwawalis							



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN
 WALIS TING-TING
 BUNOT
 FLOOR POLISHER
 PAMUNAS
 VACUUM CLEANER
 FLOORWAX
 DIARYO
 VINEGAR
 DISHWASHING LIQUID
 DUST PAN
 FLOOR MOP
 KALAYKAY

PAGYAMANIN
 1. D
 2. B
 3. A
 4. F
 5. C
 6. E

TUKLASIN
 1. BASAHANG TUYO
 2. BUNOT
 3. WALIS TING-TING
 4. MOP
 5. PANYO O MASK

ISAGAWA
 1. /
 2. /
 3. /
 4. /
 5. /
 6. /
 7. /
 8. /
 9. X

TAYAHIN
 A.
 1. C
 2. A
 3. D
 4. A
 5. C
 B.
 1. / 6. X
 2. X
 3. /
 4. /
 5. /
 7. /
 8. X
 9. /
 10. /

Sanggunian:

Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera.
2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4.* Pasig City:
Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph